



Estado ng Illinois
Kagawaran ng Karapatang Pantao

Paghain ng Asunto ng Diskriminasyon

Sa bisa ng Illinois Human Rights Act

ILLINOIS DEPARTMENT OF
 **Human Rights**

*Ano Ang
Ipinagkakaloob
Ng Batas*

*Papaanong Maghain
Ng Asunto ng
Diskriminasyon*

Kagawaran ng Karapatang Pantao

Ang Illinois Department of Human Rights (“IDHR”) ay ahensiya ng estado na may tungkulin sa pagpapatupad sa Illinois Human Rights Act (“Act”).

MISYON

ANG MISYON NG ILLINOIS DEPARTMENT OF HUMAN RIGHTS AY PROTEKTAHAN ANG LAHAT NG TAONG NASA ESTADO NG ILLINOIS MULA SA DISKRIMINASYONG LABAG SA BATAS AT MAGTATAG AT MAGTAGUY-OD NG PANTAY-PANTAY NA PAGKAKATAON AT TAMANG AKSIYON BILANG PATAKARAN NG ESTADONG ITO AT LAHAT NG RESIDENTE NITO.

Ano ang Batas?

Pinagbabawalan ng *Illinois Human Rights Act* ang diskriminasyon sa pag-eempleyo, pinansiyal na kredito, mga pampublikong akomodasyon at mga transaksyon sa real estate dulot ng lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kabilang ang pagbubuntis at sekswal na panliligalig), pambansang pinagmulan, lipi, edad, kautusan sa katayuan ng proteksiyon, katayuan sa pag-aasawa, kapansanan, sekswal na oryentasyon (kabilang ang pagkakakilanlan sa kasarian), tala ng pagkakaaresto sa pag-eempleyo, katayuan sa pamilya sa pamamahay (mga pamilyang may mga bata na mas bata sa edad na 18) ng tao at higit pa.

Trabaho: Pinoprotektahan ng batas ang mga tao laban sa diskriminasyon sa lahat ng patakaran at kondisyon ng trabaho, kasama na ang pagtanggap sa trabaho, pagpili, promosyon, paglipat, sahod, pagpapanungkulan, pagkakatanggal, at pagd isiplina.

Pantay-pantay na Pabahay (mga transaksyong panlupa): Labag sa batas ang diskriminasyon sa pagbenta o pagpaupa ng tahanan o ari-ariang komersiyal. Ilang halimbawa ng naturang diskriminasyon ay:

- Pagbago sa mga patakaran, mga kondisyon o mga pribilehiyo ng transaksyon.
- Pagtanggap magbigay ng pabahay sa mga pamilyang may mga bata.
- Pagtanggap payagan ang makatuwirang pagtanggap/pagbabago para sa pagkahanda ng pabahay para sa mga taong may kapansanan.
- Pagsisinungaling na ang ari-arian ay hindi ipinagbibili o ipinauupa.

Kredito sa Pananalapi: Lahat ng institusyong pinansiyal na nagnenegosyo sa Illinois ay pinagbabawalan laban sa diskriminasyon sa pagkakaloob ng pautang sa bahay (mortgage), mga pautang na pangnegosyo o personal, at mga credit card.

Pagtanggap sa Publiko: Labag sa batas ang diskriminasyon sa ganap at pantay-pantay na paggamit sa mga pasilidad, mga paninda at serbisyo ng anumang lugar na tumatanggap ng publiko, tulad ng negosyo, paglilibang, tutulugan, libangan, o sasakyan.

Panggugulong Seksuwal sa Edukasyon: Ipinagbabawal ng batas ang mga hindi kanais-nais na kapangahasang seksuwal ng mga nakatataas laban sa mga mag-aaral, kawani ng paaralan, kawaning administratibo, o kasamang guro sa isang pampubliko o pribadong paaralan kapag ang naturang gawi na ito ay nakahahadlang sa pagganap ng mag-aaral; lumilikha ng mapanindak, mapagsalungat o nakasasakit na kapaligiran; o isang patakaran o kondisyon ng mga pagkakataong pang-akademiko o ekstra-kurikular.

Maaari kang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa IDHR kung :

- 1) ikaw ay sumailalim sa pakikitungong may diskriminasyon ng isang nasasaklawang indibidwal, negosyo, pinagtatrabahuhan, organisasyon ng mang gagawa, ahensiya ng trabaho, o ahensiya ng pamahalaan;
- 2) ang inasal ay nakabatay sa iyong estado sa isa sa mga protektadong klase;
- 3) ang inasal ay nasa isa sa limang protektadong bahagi, at
- 4) **ang reklamo ay inihain sa Department of Human Rights sa pinakamaagang pagkakataon makaraang maganap ang diskriminasyon, ngunit hindi mahuhuli nang 180 araw makalipas na maganap ang diskriminasyon. (Pinahihintulutan kang maghain ng reklamo laban sa diskriminasyon sa pabahay sa loob ng isang taon.)**



Papaano Maghain ng Reklamo

Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan, maaari kang makipag-usap sa isang miyembro ng kawaning tumatanggap sa IDHR para matalakay ang iyong problema. Kapapanayamin ka nila at, kung nasasaklawan ng Batas (Act) ang iyong paratang, ay maghahanda ng asunto, na kailangan mong lagdaan at ipanotaryo. Hindi nagmumungkahi ang kawanihan ng IDHR ng mga dahilan para magsampa, ngunit kanilang tatalakayin ang iba't-ibang uri ng diskriminasyon at kanilang ipapaliwanag ang mga hakbang sa pagsasampa ng asunto. Bilang karagdagan, maaaring magbigay ang IDHR ng mga pagpapasa (referral) sa ibang ahensiya kung naaangkop.

ANU-ANO ANG DAPAT IHAYAG SA AMIN NG MGA NAGREREKLAMO KAPAG NAGHAHAIN NG ASUNTO:
KAPAG NAGHAIN KA NG ASUNTO PARA SA DISKRIMINASYON, KAILANGAN MO KAMING BIGYAN NG PINAKADETALYADONG IMPORMASYON HANGGA'T MAAARI.

- TIYAKING IBIBIGAY ANG IYONG BUONG PANGALAN, ADDRESS NA PAHATIRANG SULAT, EMAIL ADDRESS KUNG MAYROON, NUMERO NG TELEPONO NA MATATAWAGAN KA, AT IMPORMASYON PARA SA TAONG MATATAWAGAN SAKALING WALA KA.
- MAGBIGAY NG TUMPAK AT KUMPLETONG IMPORMASYON (KASAMA NA ANG (MGA) PANGALAN, (MGA) ADDRESS AT (MGA) NUMERO NG TELEPONO NG NAGPAPATRAHAHO, UNYON, INDIBIDWAL, O IBA PANG ORGANISASYONG PINANINIWALAAN MONG GIMAWA NG DISKRIMINASYON LABAN SA IYO.
- IBIGAY ANG PINAKAHULING PETA NANG MAGANAP ANG SINASABING DISKRIMINASYON.
- MAGBIGAY NG MGA PANGALAN AT IMPORMASYON SA PAGKONTAK PARA SA SINUMANG SAKSI AT MGA KOPYA NG KAUGNAY NA PAPELES.

Maaaring pasimulan ang isang asunto sa pamamagitan ng pagliham, pagtawag sa telepono o ng personal. Makukuha ang mga form sa aming website. (Kung personal kang darating para maghain, pakitandaan na lahat ng bisita ay sasailalim sa pagsasala at kinakailangang may ID na may litrato para pumasok sa gusali.) May kopya ng asunto at paunang kahilingan para sa impormasyon ang ipapadala sa Akusado (ang tao o tanggapan na sa iyong palagay ay nagkasala ng diskriminasyon laban sa iyo) sa pamamagitan ng koreo sa loob ng 10 araw.

Pamamagitan

Ang pagpupulong para sa pamamagitan (mediation) ay alternatibo sa imbestigasyon at maaaring mabilis na makaresolba sa isang asunto. Ang Pamamagitan ay isang di-pormal, at prosesong walang-bayad kung saan ang mga Nagrereklamo at Akusado (tinatawag na “mga partido”) ay kusang-loob na nagkikita kasama ng nakapagsanay at sertipikagong tagapamagitan ng IDHR, na tumutulong sa kanilang tumuklas ng maaaring solusyon sa asunto. Ang proseso ng pamamagitan ay lihim at lahat ng pagpupulong sa tagapamagitan ay ginaganap sa tanggapan ng IDHR sa Chicago. Habang may pamamagitan (na maaaring tumagal ng apat na oras o higit pa), maaaring dumalo ang mga abogado bilang mga tagapayo. Ang tagapamagitan ng IDHR ay hindi nagpapataw ng desisyon sa mga partido. Ang pagtanggap ng kasunduang kabayaran ay hindi tumatayong pagtanggap ng pagkakasala ng Akusado. Ang mga patakaran ng kasunduan ay maaaring magtaglay ng salapi at di-salaping bagay. Makaraang marating ang isang kasunduang kabayaran sa pamamagitan, may maikling panahon ang mga partido na piliing ipagpaliban ang kasunduan. Kung hindi magkasundo sa isang kasunduang ang mga partido, magpapatuloy sa bahaging imbestigasyon ang asunto.

Ang Imbestigasyon

Magpapatuloy sa bahaging imbestigasyon ang kaso kung hindi makibahagi sa pamamagitan ang mga partido o kung hindi matagumpay ang pamamagitan. Tungkulin ng mga Nagrereklamo at Akusado na makipagtulungan sa imbestigasyon ng IDHR. May kapangyarihan din ang IDHR na mag-subpoena ng mga nauugnay na papeles at katauhan.

Ang papel ng IDHR ay magsagawa ng imbestigasyong *walang pinapanigan* sa mga alegasyon ng asunto. Ang imbestigador na itatalaga sa kaso ay maaaring makipag-ugnayan at kapanayamin ang mga nauugnay na saksi at maaaring kumuha ng mahahalagang dokumento mula sa mga partido. Ang mga Akusado ay kinakailangang *mag-ingat ng anumang* record na mahalaga sa asunto. Bilang karagdagan, **ang mga Akusado ay pinagbaawalang gumanti sa sinumang tao dahil siya ay naghain o kaya’y nakibahagi sa imbestigasyon ng isang asunto.** Ang isang taong naniniwalang siya ay ginantihan at maaaring maghain ng reklamo sa paghihiganti sa IDHR.

Pulong sa Paghahanap ng Katotohanan

Maaaring kailanganin ng mga partido na dumalo sa isang fact-finding conference (pulong sa paghahanap ng katotohanan), na isang harapang pagpupulong na panggunahan ng Imbestigador ng IDHR. Ito'y paraan ng imbestigasyon na dinisenyo para makagawa ng ganap na imbestigasyon o ng maagang kusang pakikipag-areglo. Ang bawat partido ay magbibigay ng kanilang panig ng pinagtatalunan at sasagot sa kabilang panig. Ang kabiguang dumalo sa fact-finding conference nang walang magandang dahilan ay maaaring mauwi sa pagkakawalang-saysay sa asunto para sa Mga Nagrereklamo o pagkatalo nang walang laban sa Mga Akusado.

Kung isagawa ang isang fact-finding conference, maaaring magdala ang mga partido ng abogado kung ito ay maghain ng “Notice of Appearance” (Abiso ng Pagdalo). Subalit, ang mga abogado ay may papel na nahihinto sa pagiging tagapayo at hindi sila maaaring magpatotoo sa pulong maliban sa mga bagay na nalalaman nila nang personal, maging ang magtanong nang tuwiran sa kabilang partido.

Hindi kinakailangan ng mga partido ng abogado bilang mga kinatawan.

Titiyakin ng imbestigador na lahat ng partido ay magkakaroon ng ganap at pantay-pantay na pagkakataong ibigay ang kani-kanilang mga katotohanan at katibayan. Ang mga nagrereklamo na walang abogado ay maaaring magsama ng kaibigan o kamag-anak para mapagpayuhan o masuportahan; subalit ang indibidwal na iyon ay maaari lamang magpatotoo sa mga bagay na personal niyang nalalaman tungkol sa asunto. Bilang karagdagan, ang Mga Nagrereklamo ay maaaring magsama ng tagapagsalin-wika sa pagpupulong kung kailangan. Maaari rin makibahagi ang mga saksi sa fact-finding conference ngunit dadalo lamang sila sa kapasiyahan ng Imestigador.

Tatanungin ng Imbestigador ang mga partido at bibigya kapwa ang Mga Nagrereklamo at Mga Akusado na tumugon at/o salungatin ang mga pahayag ng kabilang partido at magbigay ng mga dokumento o patotoo na susuporta sa kanilang panig. Maaaring humingi ang Imbestigador ng karagdagang papeles kung kailangan para sa pag-imbestiga sa asunto.

Ang Imbestigador ay magtatala ng di-pormal sa mga pahayag at katugunan. Alinsunod sa mga Regulasyon ng IDHR, ang mga talang ito sa imbestigasyon ay lihim at hindi maaaring ibigay sa magkabilang partido. Ag pagpupulong ay isang di-pormal na pagdinig at walang stenographic transcript na gagawin ang IDHR.

Kung hindi magsasagawa ng fact-finding conference ang Imbestigador, magtitipon siya ng mga katotohanan at katibayan sa magkabilang partido sa magkahiwalay na ugnayan.

Mga Kapasiyahan at Resulta

Pagkatapos ng imbestigasyon, isang nakalimbag na ulat ang ihahanda na magrerekomenda kung mayroon o walang “substantial evidence” (sapat na katibayan) ng paglabag sa Batas. Ang kapasiyahang “substantial evidence” ay nangangahulugan na may sapat na katibayan para dalhin ng Nagrereklamo ang kaso sa isang administrative law judge (hukom sa batas administratibo) sa Illinois Human Rights Commission (“Commission”) (ahensiyang nagsasagawa ng mga pagdinig sa mga reklamong isinasampa ng IDHR para sa Nagrereklamo o ng Nagrereklamo) o sa naaangkop na state circuit court (hukumang pang-estado). Ang forum na iyon (maging ng Commission o ng circuit court) ay didinig ng pagpapatotoo, tatanggap ng katibayan at magpapasiya kung may naganap na diskriminasyong labag sa batas.

Kung matuklasan ang sapat na katibayan, magkakaroon ang Nagrereklamo ng opsiyon na

- 1) hilingin (sa panahong tinukoy sa Batas) sa IDHR na maghain ng reklamo, para sa Nagrereklamo, sa Commission, O,
- 2) magsimula ng asuntong sibil (sa panahong tinukoy sa Batas) sa isang hukumang pang-estado sa naaangkop na lugar.

Sa mga kaso sa pabahay, o kung hihilingin ng Nagrereklamo sa IDHR na maghain ng reklamo sa Commission, may abogado ng IDHR na itatalaga para tulungan ang mga partido na gawan ng solusyon o “iareglo” ang asunto. Kung hindi magkaroon ng kasunduan sa pag-areglo, maghahain ang IDHR ng Reklamo ng Paglabag sa Karapatang Sibil (Civil Rights Violation) sa Commission para sa Nagrereklamo. Pananagutan ng Nagrereklamo ang pagpapatunay sa kaso sa harap ng Commission.

Kung matuklasan ng IDHR ang “kakulangan ng sapat na katibayan” ng diskriminasyon, ipapawalang-saysay nito ang asunto. Sa loob ng panahong tinukoy sa Batas, may opsiyon ang Nagrereklamo na 1) maghain ng Request for Review (Hiling ng Pag-aaral) sa Commission*, O, 2) simulan ang asuntong sibil sa isang hukumang pang-estado sa naaangkop na lugar. (Sa mga kasong pabahay, opsiyon #1 lang ang naipapatupad.)

Dagdag pa rito, sa loob ng panahong tinukoy sa Batas, maaaring maghain ang Nagrereklamo ng Request for Review sa Commission* kung may “Notice of Default” (Abiso sa Kawalang-paglaban) na ipapalabas ang Kagawaran. Ang mga huling kautusan ng Commission ay maaaring iapela sa naaangkop na hukuman sa pag-apela.

**Para sa mga asuntong inihain bago sumapit ang 1/1/08, may Request for Review na inihahain sa Chief Legal Counsel ng Kagawaran*



Gaano Katagal Aabutin Ang Proseso?

Hiningi ng Human Rights Act sa IDHR na tapusin ang lahat ng pagdinig at gumawa ng kapasiyahan sa loob ng 365 araw mula sa paghahain ng nabuong kaso o ayon sa nasusulat na palugit na pinagkasunduan ng mga partido. (Ang mga asuntong pabahay ay kinakailangang matapos sa loob ng 100 araw makalipas ng paghahain, maliban kung hindi praktikal itong magagawa.) Sinisikap ng IDHR na tapusin nang maaga ang pag-iimbestiga. Subalit, maaaring humiling ang imbestigador ng palugit na oras para tapusin ang imbestigasyon. Kung tatangging lumagda sa palugit ang isa o kapwa partido, at kung hindi magpalabas ng kapasiyahan ang IDHR para ipawalang-saysay ang asunto sa loob ng 365 araw makalipas na ihain ang asunto, may 90 araw ang Nagrereklamo na maghain ng reklamo sa Commission O magsimula ng asuntong sibil sa isang hukumang pang-estado sa naaangkop na lugar. Kung ang Nagrereklamo ay hindi maghain ng reklamo sa Commission o magsimu ng asuntong sibil sa isang hukumang pang-estado, wala nang pagkilos na gagawin sa kaso. (Hindi kinakailangan ng palugit para sa mga kasong pabahay.)

Ang Komisyon sa Karapatang Pantao ng Illinois

Ang Komisyon ay isang hiwalay na ahensiya ng estado na nagsasagawa ng mga pampublikong pagdinig sa mga reklamong inihain ng IDHR. Hindi kinatawan ng IDHR ang alinmang partido sa harap ng Komisyon. Kapwa maaaring kumuha ng abogado ang magkabilang partido para maiharap o maipagtanggol nang maayos ang kaso sa harap ng hukom sa batas pang-administratibo at sa Komisyon.

Kung ang Nagrereklamo ay magwagi sa antas na ito, maaaring mag-utos ang hukom ng mga kabayaranang pinahihintulutan ng Batas para gawing ‘ganap’ ang Nagrereklamo. Maaaring mapabilang sa mga kabayaran ang di-bayad na sahod, nawalang benepisyo, pagtanggap sa file ng tauhan, mga pinsalang emosyonal, pagtanggap sa trabaho, promosyon, pagbalik sa puwesto, paunang bayad kung hindi maaaring ibalik sa puwesto, at singil ng abogado. Ang mga bayad-pinsala, na, kabayaranang layuning parusahan ang pinagtatrabahuhan, ay hindi magagamit alinsunod sa Batas.

Ugnayan sa Mga Ahensiyang Pederal at Mga Hukumang Pederal


Upang maingatan ang mga karapatang pederal ng Nagrereklamo, awtomatikong sabay na inihahain ng IDHR ang mga karapat-dapat na asunto sa pagpapatrabaho sa federal Equal Employment Opportunity Commission (EEOC), at nagsasagawa ng imbestigasyon para sa EEOC sa bias ng mga patakaran ng ahensiya sa Worksharing Agreement (Kasunduan sa Pagbabahagi ng Gawain). Gayundin, ang mga kasong pabahay ay inihahain nang sabay sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD).

Ang Nagrereklamo sa isang asunto sa patrabaho ay maaaring humiling anumang oras ng “Right to Sue Notice” (Karapatan na Humingi ng Abiso) mula sa EEOC na nagpapahintulot sa kaniya na isampa ang kaso sa hukumang pederal. Kung hiniling ang isang Right to Sue Notice, hinihikayat kang iurong ang kaso mula sa IDHR. Kung may reklamo na pareho ang mga elemento na inihain sa IDHR na nakasampa sa isang hukumang pederal at hindi mo ito iniurong, isususpindi ng IDHR ang imbestigasyon.

Ipinapayong kumonsulta sa isang abogado bago iurong ang asunto para malaman kung ito ang pinakamahusay na pagkilos. Para mapanatili ang pagiging walang-kinikilingan ng IDHR, hindi maaaring magbigay ng paying legal ang mga kinatawan ng IDHR sa Mga Nagrereklamo at Mga Akusado.

Dadaanang ng Asunto

(may bisa simula 1/1/08)



Iba pang Serbisyong Hatid ng IDHR

Pagsasaay: Ang Institusyon sa Pagsasanay at Pagpapaunlad (“Institusyon”) ay nagsasagawa, sa buong Illinois, ng pagsasanay na dinisenyo para madagdagan ang paggalang sa pagitan ng mga kulturang iba-iba kapwa sa pinagtatrabahuhan at sa tahanan. Gamit ang mga sitwasyong makatotohanan, ang mga sertipikadong tagapagturo ay nagbibigay ng impormasyon sa mga batas at kagawian sa pantay-pantay na pagpapatrabaho, mga paraan para maayos ang mga labanan sa pamamagitan ng mahusay na pang-unawa, ay mga hinihingi sa walang diskriminasyon tulad ng pagpigil sa panggugulong seksuwal. May ibinibigay na mga babasahin par asa hiwa-hiwalay na pag-aaral at mga magagamit na sanggunian habang-nasa-trabaho. Ang Institusyon ay aprobadong HR Certification Institute ay naghahandog ng mga module sa pagsasanay para sa HR Certification. Nag-aalok ng kapwa pampubliko at pribadong mga sesiyon. Maaaring may babayaran para sa mga on-site na pagsasanay. Para sa karagdagang impormasyon o para magtakda ng pagsasanay, tumawag sa (312) 814-2477.

Pagpapatupad sa Wastong Pagkilos: Minamanmanan at nagkakaloob ng tulong teknikal ang Liaison Unit sa mga ahensiyang pangpamunuan ng estado para sa pantay-pantay na pagkakataon sa patrabaho at pagsuod sa wastong pagkilos (“EEO/AA”). Kinakatawan din ng Unit ang ahensiya sa Interagency Committee on Employees with Disabilities (“ICED”) ng estado.

Mga Kontratang Pampubliko: Ang lahat ng mga tao at mga kompanya na nag-eempleyo ng 15 o higit pang mga indibidwal sa anumang oras sa loob lang 365 na araw na panahon kaagad sa naunang petsa ng paghain na naghahangad na magnegosyo sa anumang estado na entity sa Illinois ay kailangan magrehistro para sa isang numero ng karapat-dapat na bidder sa pamamagitan ng Yunit ng mga Pangpublikong Kontrata (Public Contracts Unit) para matiyak na naisakatuparan nila ang pantay na pang-empleyo na mga patakaran at sumusunod sa mga patakaran at regulasyon ng IDHR.

Edukasyon at Pagkawanggawa: Ang kawaniha sa Outreach (Pagkawanggawa) ay ang sangay ng IDHR sa ugnayang pangmadla. Sa nagpapatuloy na pagsisikap sa pagbibigay-kaalaman sa publiko tungkol sa mga problema sa karapatang pantao, nagsasagawa ang mga kawanihan ng mga workshop, pagsasanay, mga kagaapan at mga programang nakatuon sa komunidad at mga organisasyong sibil, pati na ang pagtugon sa mga kahilingan ng impormasyon mula sa mga tanggapan ng media at pangkalahatang publiko.

ILLINOIS DEPARTMENT OF
 Human Rights

Para sa Karagdagang Impormasyon Makipag-ugnayan Sa:

The Illinois Department of Human Rights

Oras ng Trabaho: Lunes hanggang Biyernes 8:30 a.m. hanggang 5:00 p.m.

Mga Intake na Pakikipanayam: Lunes hanggang Huwebes, 8:30 a.m. to 3:00 p.m.

(Walang panayam na pagtanggap na isinasagawa tuwing Biyernes.)

Website: www.state.il.us/dhr

Sa Chicago:

James R. Thompson Center

100 West Randolph Street, Suite 10-100

Chicago, IL 60601

(312) 814-6200 o (800) 662-3942

(866) 740-3953 (TTY)

(312) 814 6251 Fax

Sa Springfield:

222 South College St., 1st Floor

Springfield, IL 62704

(217) 785-5100

(866) 740-3953 (TTY)

(217) 785 5106 Fax

Sa Marion:

2309 W. Main St.

Marion, IL 62959

(618) 993-7463

(866) 740-3953 (TTY)

(618) 993 7464 Fax

Ang polyetong ito ay nilaan bilang pangkalahatang gabay sa mga pangunahing serbisyo at pamamaraan ng Kagawaran ng Karapatang Pantao ng Illinois.

Hindi masasagot ng polyetong ito ang lahat ng inyong katanungan tungkol sa diskriminasyon at maaaring magpatuloy nang paiba-iba ang bawat kaso kaysa sa inilalarawan dito. Ang IDHR ay mga tukoy na patakarán at pamamaraan na ipinatutupad sa bawat kaso. Pakitawagan ang tanggapan ng IDHR na pinakamalapit sa iyo para sa anumang katanungan tungkol sa mga paksang inilarawan.

Alinsunod sa Seksiyon 504 ng Americans with Disabilities Act, ng Rehabilitation Act of 1973, at sa Illinois Human Rights Act, titiyakin ng IDHR na lahat ng programa ay magagamit ng mga kwalipikadong indibidwal na may kapansanan. Maaaring makapagbigay ang ADA Coordinator ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga hinihingi ng pagtugon, sa numerong (217)785-5119 (Voice) o (866) 740-3953 (TTY).

*Sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Estado ng Illinois
(102014-TAGALOG-WEB)*